

Ang pagrehistro sa pagboto sa Kagawaran ng Sasakyang de-Motor (DMV) ay ginawang mas madali at seguro nang programa ng California Motor Voter. Simula Abril ng 2018, ang mga karapat-dapat na aplikante na may transaksyon sa pagkukumpleto ng lisensya sa pagmamaneho o card ng pagkakakilanlan o pagpalit ng tirahan ay marerehistro sa pagboto ng Kalihim ng Estado ng California (SOS) maliban kung piniling magpaliban sa awtomatikong pagrehistro sa pagboto.

### Patungkol

Mula 1993, ang Batas sa Pambansang Pagrehistro sa Pagboto mas kilala sa batas na Motor Voter, ay tumulong sa milyong mga taong magrehistro o bumoto o magbago ng impormasyon ng botante kasabay ng transaksyon sa lisensya sa pagmamaneho o card sa pagkakakilanlan (ID) sa Kagawaran ng Sasakyang de-Motor (DMV).

Ang programa ng California Motor Voter ay para sa mga taga-California na edad 18 o mas matanda at natutugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos at residente ng California.
- Wala sa kasalukuyan sa kulungan ng estado o pederal o naka-parole sa pagkapreso ng isang mabigat na kasalanan ([para sa karagdagang impormasyon sa karapatang pantao ng mga nakulong. I-click para sa karagdagang impormasyon](#))
- Hindi sa kasalukuyang matatagpuang walang kakayahan sa pag-iisip upang bumoto ayon sa korte. ([I-click para sa karagdagang impormasyon](#))

Ang pangunang-pagrehistro ng pagboto ay maaari para sa mga taga-California na 16 o 17 taong gulang. Sila ay awtomatikong mai-rerehistro upang bumoto kapag sila ay naging 18. Bago bumisita sa opisina ng DMV, inirerekomenda namin na gumawa ng appointment. Maaari mo ring gamiting ang serbisyong online ng DMV upang i-renew ang lisensya sa pagmamaneho o card sa pagkakakilanlan (ID) o upang baguhin ang iyong tirahan.

Kung inilagay mo na ikaw ay karapat-dapat na bumoto, kapag nakumpleto mo na ang iyong transaksyon sa online ng DMV, o sa koreo, o sa personal, ang iyong impormasyon sa pagboto ay inililipat ng seguro at elektroniko sa Kalihim ng Estado ng California (California Secretary of State). Kung ang iyong pagkarapat-dapat sa pagboto ay natukoy, ikaw ay marerehistro sa pagboto.

Ang mga indibidwal na may AB 60 na lisensya sa pagmamaneho ay hindi karapat-dapat sumali sa programa ng California Motor Voter.

Kung ikaw ay karapat-dapat bumoto at nais magrehistro bumoto ng online i-click ang mga sumusunod na pindutan.

## **Motor Voter FAQ**

- **Ano ang Motor Voter?**

Inaatas ng batas Pederal ang Kagawaran ng Sasakyang de-Motor (DMV) na magbigay sa mga kostumer nang pagkakataong magrehistrong bumoto habang kinukumpleto ang lisensya sa pagmamaneho (DL) o card sa pagkakakilanlan (ID) o pagpapalit ng tirahan.

Sa ilalam ng batas ng estado at ng programa ng California Motor Voter, ang mga kostumer ng DMV na nagpahiwatig na karapat-dapat silang bumoto ay awtomatikong marerehistrong bumoto, maliban nalang kung sila magpaliban magparehistro habang may transaksyon sa kanilang DL/ID o pagbago ng tirahan.

- **Paano ko malalaman kung ako ay karapat-dapat magrehistro o bumoto?**

Upang maging karapat-dapat bumoto, ang indibidwal ay dapat:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos
- May tirahan sa California
- Hindi bababa sa 18 taong gulang (o naka reshitrong pauna kung 16 o 17, subalit dapat na 18 o mas matanda sa pagboto sa Araw ng Eleksyon)
- Sa kasalukuyan ay wala sa estado o pederal na kulungan o naka-parole para sa paghatol sa mabigat na kasalanan
- Sa kasalukuyan ay hindi nakita ng korte na walang kakayahan sa pag-iisip para bumoto

- **Paano ko malalaman kung ako ay mamamayan ng U. S.?**

Kung ikaw ay natutugunan ang ilang mga kinakailangan, ikaw ay maaaring maging mamamayan ng U. S. sa pagkakapanganak o pagkatapos maipanganak. Upang maging mamamayan sa pagkakapanganak, ikaw ay dapat:

- Maipanganak sa Estados Unidos o mga malayong ari-arian ng Estados Unidos, at napapailalim sa hurisdiksiyon ng Estados Unidos;o
- may magulang o mga magulang na mamamayan sa araw ng iyong pagkakapanaganak (kung ikaw ay [pinanganak sa ibang bansa](#)) at natutugunan ang ibang mga kinakailangan

Upang maging mamamayan pagkatapos maipanganak, ikaw ay dapat:

- Mag-apply para sa "nagmula" o "nakuha" [na pagiging mamamayan sa pamamagitan ng mga magulang](#)
- [Mag-apply para sa naturalisasyon](#) sa pamamagitan ng Serbisyo ng Customs at Immigration ng Estados Unidos

Para sa karagdagang kaalaman, bumisita sa <https://www.uscis.gov/us-citizenship>. Kung hindi mo natutugunan ang nasa itaas, hindi ka mamamayan at hindi maaaring magparehistro upang bumoto.

- **Puwede bang magparehistro bumoto ang mga hindi mamamayan?**

Hindi

- **Ako ba ay awtomatikong marerehistrong bumoto kung ako ay nag-apply o nagpa-renew ng lisensya sa pagmamaneho?**

Oo. Lahat ng *karapat-dapat* na mga indibidwal na nagkukumpleto ng lisensya sa pagmamaneho o ID card o pagpalit ng tirahan ay marerehistro upang bumoto ng Kalihim ng Estado maliban kung sila ay pumiling magpaliban sa awtomatikong pagrehistro sa pagboto.

- **Ako ba ay awtomatikong marerehistro upang bumoto kung ako ay nagkukumpleto ng ibang transaksyon sa DMV?**

Hindi Sinasaklaw ng programa ng California Motor Voter ang mga transaksyon sa lisensya sa pagmamaneho, ID card, o pagpalit ng tirahan. Kung ikaw ay hindi nagkukumpleto ng isa sa mga transaksyong ito, ikaw ay maaari pa ring magparehistrong bumoto online sa [RegisterToVote.ca.gov](http://RegisterToVote.ca.gov).

- **Ako ay mas bata sa 18 taong gulang, ako ba ay marerehistro sa pagboto kung ako ay nag-aapply para sa learner's permit?**

Ang mga indibidwal na 16 o 17 taong gulang na nag-aapply para sa kanilang learner's permit na natutugunan lahat ng ibang kainakailangan upang maging karapat-dapat para bumoto ay awtomatikong marerehistro sa pagboto, malibang kung sila ay magpaliban. Kung ikaw ay nagpaunang magparehistro, ikaw ay awtomatikong marerehistrong bumoto sa iyong ika 18 na kaarawan.

- **Ako ay mas bata sa 18 taong gulang, ako ba ay magiging karapat-dapat na bumoto sa susunod na pang-estadong eleksyon. Ako ba ay awtomatikong marerehistrong bumoto?**

Oo. Ang mga indibidwal na 16 o 17 na taong gulang na nagkukumpleto ng transaksyon sa lisensya sa pagmamaneho o ID card na natutugunan ang lahat ng iba pang mga kinakailangan upang maging karapat-dapat bumoto ay paunang marerehistrong bumoto, maliban kung sila ay pumiling magpaliban. Sa oras na ikaw ay mapaanang marehistro sa pagboto, ikaw ay awtomatikong marerehistrong bumoto sa iyong <sup>ika</sup>-18 na kaarawan.

- **Ako ba ay makakapili ng partidong politikal kung ako ay awtomatikong nakarehistro?**

Oo. Ikaw ay maaaring pumili ng iyong partidong politikal kasama ng iyong awtomatikong pagrehistro. Ikaw rin ay maaaring pumili ng iyong mga kagustuhan sa pagboto, tulad ng kung nais mong bumoto sa pamamagitan ng koreo, o kahit na anong wika na nais mong matanggap ang iyong mga materyales sa eleksyon.

- **Anong mangyayari kung ako ay lumipat, ako pa rin ba ay rehistradong bumoto?**

Oo, subalit ikaw ay marerehistro sa una mong tirahan at dapat mong baguhin ito kung nais mong bumoto sa iyong bagong tirahan. Kung ikaw ay nagbago ng tirahan sa DMV, ang iyong rekord sa pagboto ay mababago sa iyong bagong tirahan. Subalit, maaari mo

ring baguhin ang iyong impormasyon sa pagrehistro sa RegisterToVote.ca.gov o gumamit ng de-papel na aplikasyon sa pagrehistro sa pagboto na makukuha sa opisina ng eleksyon sa iyong county, mga aklatan, o isang U. S. Post Office.

- **Ako ba ay makakatanggap ng komfirmasyon na ako ay rehistrado sa pagboto?**

Pagkatapos ng pagproseso ng DMV sa iyong transaksyon, ikaw ay makakatanggap ng card na abiso sa loob ng apat na linggo mula sa iyong opisyal ng pagboto sa county o ng Kalihim ng Estado. Kung hindi ka nakatanggap ng card ng abiso sa loob ng oras na iyon, dapat makipag-ugnay sa iyong lokal na opisyal ng pagboto sa county o bumisita sa VoterStatus.sos.ca.gov.

- **Paano ko malalaman kung ako ay rehistradong bumoto?**

Bumisita sa [VoterStatus.sos.ca.gov](http://www.sos.ca.gov) upang malaman ang iyong estado sa pagrehistro sa pagboto. Ikaw ring ay maaaring tumugon sa iyong opisyal ng pagboto sa county. Hanapin ang iyong opisyal ng pagboto sa county sa pagbisita sa:

<http://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/>

- **Paano kung hindi ko nais magparehistro upang bumoto?**

Kung nakamit mo ang mga kinakailangan upang maging karapat-dapat bumoto, subalit *hindi* mo nais na magparehistro upang bumoto, maaaring magpaliban sa awtomatikong pagrehistro sa pagboto.

- **Ang pagrehistro ba sa pagboto ay nagiging mas mataas ang pagkakataong matawag para sa tungkulin sa hurado?**

Hindi ito tiyak, subalit, ang DMV ay nagbibigay sa komisyon ng hurado ng kasalukuyang listahan ng mga lisensya sa pagmamaneho o mga may ID card na 18 taong gulang o mas matanda. Lahat ng taong napili para sa tungkulin sa hurado ay napili ng walang tiyak na layunin at ang mga pinanggalingan ay listahan sa koreo, direktoryo ng telepono, o mga listahan ng kumpanya ng mga utility.

- **Paaano ako magpapaliban?**

Kung ikaw ay nagkukumpleto ng transaksyons sa lisensya sa pagmamaneho DL/ID o nagpapapalit ng tirahan sa DMV, ikaw ay tatanungin kung natutugunan mo ang mga kailangan upang maging karapat-dapat bumoto. Kung inilagay mo na ikaw ay karapat-dapat, ikaw ay bibigyan ng pagpipilian kung nais magpaliban sa pagrehistro ng pagboto.

- **Kung ako ay magpapaliban ipapadala ba ng DMV ang aking impormasyon sa Kalihim ng Estado?**

Inaatas ng batas ng Estado ang DMV na magpadala ng impormasyon sa lahat ng karapat-dapat na aplikante sa Kalihim ng Estado. Ang Kalihim ng Estado ay magpapadala ng postcard sa lahat ng mga karapat-dapat na botante na pumiling magpaliban bilang paalala sa pagrehistro sa pagboto. Ang Kalihim ng Estado ay hindi makikipag-ugnay pa maliban kung ikaw ay nagdesisyon na magparehistro bumoto o may iba pang kwalipikadong transaksyon sa DMV.

- **Kung ako ay naglagay na hindi karapat-dapat bumoto, ipapadala pa rin ba ng DMV ang aking impormasyon sa Kalihim ng Estado?**

Hindi. Ang DMV ay *hindi* magpapadala ng iyong impormasyon sa Kalihim ng Estado kung inilagay mo na ikaw ay hindi karapat-dapat bumoto.

- **Kung ako ay nakarehistro upang bumoto ng hindi sinasadya, at hindi ko nais ito, maaari ko bang baguhin ito?**

Oo. Maaari kang magkumpleto ng [form para makansela ang iyong kahilingan](http://elections.cdn.sos.ca.gov/pdfs/cancellation-request-form.pdf) [http://elections.cdn.sos.ca.gov/pdfs/cancellation-request-form.pdf] at isauli ito sa iyong opisyal sa county sa pagboto at ang iyong rehistro ay makakansela. Maaaring makipag-ugnay sa iyong opisyal sa county sa pagboto kung ikaw ay may karagdagang katanungan.

- **Paanong maseseguro ng sistema ng DMV na ang mga Mamamayan ng U.S. lamang ang rehistradong bumoto?**

Upang maging karapat-dapat bumoto, ikaw ay dapat maging mamamayan ng U.S. at residente ng California, 18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Eleksyon, at wala sa estado o pederal na kulungan o naka-parole dahil sa pagkakakulong ng isang mabigat na kasalanan, at hindi pinagbabawalan sa pagboto ng korte dahil sa kawalan ng kakayahan sa pag-iisip.

Ipinagbabawalan ng batas ng Estado ang DMV na magpadala ng impormasyon sa mga aplikante na AB 60 (mga hindi nakadokumentong aplikante ng lisensya sa pagmamaneho) sa Kalihim ng Estado. Para sa mga ibang aplikante, inaatas ng batas ng estado na ang bawat tao ay magdeklara, sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling, na sila ay nakakamit lahat ng kinakailangan upang maging karapat-dapat bumoto, kasama ang pagiging mamamayan.

- **Ang mga kriminal ba ay maaaring magparehistro upang bumoto?**

Ang isang tao na kasalukuyan nasa estado o pederal na kulungan o naka-parole sa pagkakakulong ng isang mabigat na kasalanan ay hindi karapat-dapat magparehistro upang bumoto. [I-click ito](#) para sa karagdagang impormasyon.

- **Ano ang ginagawa ng DMV at Kalihim ng Estado sa aking impormasyon sa pagrehistro sa pagboto?**

Inaatas ng batas ng Estado ang DMV na magsumite ng impormasyon sa lahat ng karapat-dapat na lisensya sa pagmamaneho o mga aplikante ng ID sa Kalihim ng Estado upang magproseso ng iyong rehistro sa pagboto, o, kung piniling magpaliban sa iyong pagrehistro sa pagboto, magpadala ng paalala tungkol sa pagrehistro sa pagboto. Kung ang iyong impormasyon sa pagrehistro sa pagboto ay hindi kumpleto, ang Kalihim ng Estado ay magpapaalala mula sa pamamagitan ng koreo. Sa oras na ang iyong rehistro sa pagboto ay naproseso at natanggap, ang iyong impormasyon ay ibabahagi sa iyong opisyal sa pagboto sa county. Ikaw ay magiging karapat-dapat bumoto sa lokal, sa county, at sa pang-nasyonal at pederal na eleksyon.

- **Saan ang aking pinaka-malapit na opisina ng DMV?**

Maaari mong hanapin ang pinaka-malapit na opisina sa [www.dmv.ca.gov](http://www.dmv.ca.gov). Mayroong Paghanap ng Opisina (Field Office Finder) na pagpipilian sa harap ng homepage

### **Anunsiyo sa Pamublikong Serbisyo ng Motor Voter**

Ginagawang mas maginhawa ang pagrehistro sa pagboto ng programa ng California Motor Voter.

Ngayon, lahat ng karapat-dapat na aplikante na nagkukumpleto ng transaksyon sa lisensya sa pagmamaneho, ID, o pagpalit ng tirahan sa DMV ay magiging rehistrado sa pagboto sa pamamagitan ng Kalihim ng Estado ng California...maliban kung sila ay pumiling magpaliban.

Ang paunang-pagrehistro sa pagboto ay makukuha rin ng mga karapat-dapat na mga taga-California na 16 o 17 na taong gulang.

Matuto ng higit pa sa pagbisita sa [MotorVoter.sos.ca.gov](http://MotorVoter.sos.ca.gov)

### **Isang-Pahinang Flyer:**

Kung ikaw ay karapatdapat, ikaw ay awtomatikong marerehistro upang bumoto sa DMV kung ikaw ay...

- Nag-apply para sa lisensya sa pagmamaneho o ID card
- Nagpa-renew ng lisensya sa pagmamaneho o ID card
- Nagpalit ng tirahan

Maliban kung ikaw ay pumiling magpaliban. Kasama nito ang pangunang magparehistro para sa mga karapat-dapat na 16 at 17 taong gulang. Matuto ng higit pa tungkol sa programa ng California Motor Voter at mga kailangan para maging karapat-dapat sa pagboto sa: